

# Araling Pangmanlalakbay: Mga Komento, Puna, at Rekomendasyon sa Isang Bagong Sublarangan ng Araling Kabanwahan<sup>1</sup>

Mark Joseph Pascua Santos  
De La Salle University  
Philippine Women's University  
mjpascuasantos@gmail.com

## Abstrak

Noong Abril 20, 2023, ganap na inilunsad ang aklat na *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat*. Pinatnugutan ni Axle Christien Tugano, binubuo ito ng 56 kabanata na isinulat ng 52 kontribyutor ukol sa kani-kanilang karanasan ng paglalakbay sa labas (at sa loob [sa kaso ng isang kabanata]) ng bansa. Para sa okasyon ng naturang lunsad-aklat naisulat ang kasalukuyang rebyu na ito. Sa partikular, nakatuon ito sa introduksyon ni Tugano bilang patnugot na “Kapookan ng Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat sa Konteksto ng Banwa at Layag sa Wikang Filipino,” lalo na sa kanyang pormulasyon ng Araling Pangmanlalakbay bilang panukalang bagong sublarangan ng Araling Kabanwahan. Nahahati ang rebyu na ito sa tatlong bahagi. Papansinin ng unang bahagi ang ilang “tatak-Pantayo” na matatagpuan sa introduksyon ni Tugano tulad ng lingguwistikong eksplorasyon sa paglalakbay, pagbuo ng bagong larangan bilang pagtuligsa sa Kanluraning anyo nito, peryodisasyon sa pagsasakasaysayan ng paglalakbay, “dayagramikong hilig,” at diin sa wikang Filipino. Nakatuon naman ang ikalawang bahagi sa pagbanggit sa ilang komento at kritisismo sa kanyang binubuon Araling Pangmanlalakbay (kasama na ang tila arbitraryong paggamit ng lakbay at layag, tendensyang *auto-orientalism* sa harap ng *Travel Studies*, at salat pang pag-uugnay ng panloob at panlabas na Araling Pangmanlalakbay). Panghuli, maglalalatag ang rebyu ng ilang panukalang proyektong maaaring atupagin sa hinaharap para sa paglago ng Araling Pangmanlalakbay, gaya ng tuon sa domestikong paglalakbay, proyektong pagsasalin, eksposisyon sa

---

<sup>1</sup> Isang rebyu sa Tugano, Axle Christien J. Ed. *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat*. Ermita, Manila: Limbagang Pangkasaysayan, 2023.

kaisipan ng mga Pilipinong eksperto sa paglalakbay, kuwentong-buhay, at pakikipagkuwentuhan sa mga OFW na manlalakbay, at iba pa.

Mga Susing Salita: Araling Pangmanlalakbay, Araling Kabanwahan, Pantayong Pananaw, Travel Studies

## Abstract

Last April 20, 2023, the book *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat* was officially launched. Edited by Axle Christien Tugano, it contains 56 chapters written by 52 contributors about their own experience of traveling outside (and inside [in the case of one particular chapter]) the country. It is for this occasion of book-launching that this review was written. In particular, it focuses on the introduction of Tugano as the editor entitled “Kapookan ng Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat sa Konteksto ng Banwa at Layag sa Wikang Filipino,” especially on his formulation of *Araling Pangmanlalakbay* as a proposed new subfield of *Araling Kabanwahan*. The review is divided into three parts. The first part will take note of some “*Pantayo elements*” that can be found in the introduction of Tugano, such as the linguistic exploration of travel, formulation of new field as a critic to its Western form, periodization of travel’s history, diagrammatic tendency, and emphasis on Filipino language. The second part focuses on mentioning some comments and criticisms about his on-going project of *Araling Pangmanlalakbay* (including the seemingly arbitrary use of the term *lakbay* [travel] and *layag* [voyage], auto-orientalist tendency in the face of Travel Studies, and insufficient connection between the internal and external aspect of *Araling Pangmanlalakbay*). Lastly, the review will offer some proposed projects that can be embarked on in the future for the development of *Araling Pangmanlalakbay*, like focusing on domestic travel, translation projects, exposition on the thought of Filipino experts on travel, life-story of and conversing with OFW travelers, among others.

Keywords: Araling Pangmanlalakbay, Araling Kabanwahan, Pantayong Pananaw, Travel Studies

## PANIMULANG SALITA

Isang mungkahing sublarangan sa Araling Kabanwahan ang Araling Pangmanlalakbay na kasalukuyang dinadalumat ni Axle Christien J. Tugano. Binibigyang kahulugan niya ang Araling Pangmanlalakbay bilang pag-aaral sa paglalakbay sa pamamagitan ng kros-/trans-/multi-/pluri-/interdisiplinaryong lapit, sa pagnanasang pag-ugnayin ang kasaysayan, lipunan, at kultura ng Pilipinas sa ibang bansa/banwa, sa loob ng talastasang Filipino gamit ang wikang Filipino.<sup>2</sup> Mula 2018 hanggang 2020, ugnayan ng mga banwa ang naging paksa ng kanyang mga pananaliksik.<sup>3</sup> Taong 2021 niya naman masinsinang inatupag ang pag-aaral sa paglalakbay,<sup>4</sup> at 2022 niya namang tuwirang ipinakilala ang terminong “Araling Pangmanlalakbay.”

Ang pinakabagong artikulasyon niya sa AP ay masusumpungan sa *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga*

---

<sup>2</sup> Axle Christien Tugano, “Ang Identidad ng Relihiyon, ang Relihiyon ng Identidad: Isang Anekdotal na Tala Bilang Manlalakbay sa Timog-Silangang Asya,” *Katipunan* 9 (2022): 101.

<sup>3</sup> Ilang halimbawa nito ang: Axle Christien J. Tugano, “Paglapat ng Istorya sa Dalumat ng Ugnayang Pilipinas at mga Asyanong Bansa,” *TALA: An Online Journal of History* 1, No. 2 (2018): 57-75; at Axle Christien J. Tugano, “Ugnayang Australia at Pilipinas: Mga Natatanging Gunita ng Diaspora at Rebolusyong Pilipino,” *TALA: An Online Journal of History* 3, No. 2 (2020): 119-135.

<sup>4</sup> Ilang halimbawa nito ang: Axle Christien J. Tugano, “Mga Gunita sa Aking Paglalakbay (2014-2018): Naratibo ng Overseas Filipino Workers sa Timog Silangang Asya at Europa,” *DALUMAT: Multikultural at Multidisiplinaryong E-Journal sa Araling Filipino* 7, No. 2 (2021): 1-25; Axle Christien J. Tugano, “Pangingibang-bayan bilang Pag-aaral sa Ibang Kalinangan: Ang Lakbay-aral na Akademiko sa Timog Silangang Asya,” nasa *Pangangayaw: Ang Pangingibang-Bayan at Paghahanap ng Ginhawa sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, mga pat., Vicente C. Villan at Kristoffer Resos Esquejo, 353-388 (Tayabas: ADHIKA ng Pilipinas, Inc., at Manila: National Commission for Culture and the Arts, 2021); at Axle Christien J. Tugano, “Ang Manila Boy sa Lansangan ng Asya: Naratibong Ulat Tungkol sa Pampublikong Transportasyon sa Timog Silangang Asya,” *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature* 15, No. 1 (2021): 120-161.

*Pilipino sa Ibayong Dagat*,<sup>5</sup> isang aklat na pinamatnugutan niya ngayong 2023. Liban sa paunang salita ni Nilo Ocampo, pagpapahalaga ni Alvin Yapan, at introduksyon ni Tugano, binubuo ang aklat ng 56 kabanata na isinulat ng 52 kontribyutor. Bawat kabanata ay maikling salaysay at repleksyon ng mga akademiko ukol sa kanilang karanasan ng paglalakbay sa mga bansang kanilang pinuntahan (para sa pagtuturo, pananaliksik, pag-aaral, paghahanapbuhay, o paglilwaliw). Nasaklaw ng mga kabanata ang lahat ng kontinente ng daigdig, at napakalawak din ng mga temang natuhog ng mga ito (kasarian, manggagawa, wika, identidad, rasismo, OFW, transportasyon, kriminalidad, digmaan, kalikasan, panitikan, teolohiya, diplomasya, museo, at iba pa).

Sinimulan ko na isulat ang rebyu na ito nang imbitahan akong maging reaktor sa panayam ni Tugano na pinamagatang “Kapookan ng Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat sa Konteksto ng Banwa at Layag sa Wikang Filipino.” Para ito sa okasyon ng paglulunsad-aklat ng *Banwa at Layag*, na inorganisa ng Center for Philippine Studies ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) noong Abril 20, 2023, at ginanap sa Bulwagang Claro M. Recto ng PUP.

Hindi tatangkain ng rebyu na ito ang pagtasa sa kabuuan ng aklat. Sa halip, tutuon lamang ito sa introduksyon ni Tugano bilang patnugot, na pinaunlad na bersyon ng isang kabanatang una niyang nailimbag sa aklat na *Hugpungan: Katutubong Kaalaman at Interdisiplinaridad sa Panahon ng Krisis*.<sup>6</sup> Tungo rito, hahatiin ang rebyu sa tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay pagpansin sa ilang elementong matataguriang “taktak-Pantayo” sa akda ni Tugano. Ang ikalawang bahagi ay tutuon sa ilang pangkalahatang komento at puna ukol sa pagtalakay ni Tugano sa Araling Pangmanlalakbay. Maglalatag naman ang ikatlong bahagi ng ilang mga mairerekomendang paksa para sa mga pananaliksik

---

<sup>5</sup> Axle Christien J. Tugano, ed., *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat* (Ermita, Manila: Limbagang Pangkasaysayan, 2023).

<sup>6</sup> Axle Christien J. Tugano, “Paglilinang sa Araling Pangmanlalakbay sa Diwa ng Araling Kabanwahan,” in *Hugpungan: Katutubong Kaalaman at Interdisiplinaridad sa Panahon ng Krisis*, eds., Jomar Adaya, et al, 174-257 (Sta. Mesa, Manila: PUP Center for Philippine Studies, 2022).

sa hinaharap, na maaaring makatulong sa pagpapalago ng Araling Pangmanlalakbay bilang bagong sublarangan ng Araling Kabanwahan. At huling tala bago ganap na simulan ang mga komento, yamang mayroon akong ambag na maikling kabanata sa naturang aklat at bilang may kaugnayan din sa mismong patnugot, ang rebyu na ito ay mas nasa konstruktibong panig ng kritisismo.

### Mga Elementong “Tatak-Pantayo” sa Araling Pangmanlalakbay

Kapansin-pansin sa binubuong Araling Pangmanlalakbay ni Tugano ang ilang matitingkad na elementong impluwensyado ng Pantayong Pananaw (PP) ni Zeus Salazar, na maaari nating taguriang “tatak-Pantayo.”

Una na rito ang lingguwistikong pagtuon sa mga dalumat na nakaugnay sa paglalakbay. Bagaman hindi pa malalimang pagsusuring semantiko, mayroon nang pagbanggit sa mga salita tulad ng lakbay, pagpanakayon, panagbanyaga, o mga kolokyal na salita tulad ng gala, lakwatsa, at lamiyerda sa introduksyon. Karamihan ng mga akademiko ng Bagong Kasaysayan ay makikitaan ng ganitong pagkahilig sa pagsusuring semantiko, paghahanap ng mga kogneyt, at pagsasagawa ng komparatibo at pangkasaysayang lingguwistika,<sup>7</sup> na maiuugat sa pagiging lingguwista ng mismong Ama ng Pantayong Pananaw na si Zeus Salazar.<sup>8</sup> Siyempre, isa sa layunin ng ganitong lingguwistikong tuon ang patunayan ang pagiging “Pan-Pilipino” (o kalaganapan sa buong Pilipinas) ng isang dalumat (singkroniko), at ang pagkakaugat nito sa sinaunang kasaysayan ng bansa (diakroniko).

---

<sup>7</sup> Makabuluhang halimbawa nito ang Nancy Kimuell-Gabriel, *Ang Timawa sa Kasaysayang Pilipino*, Bagong Kasaysayan, Lathalain Bilang 3 (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1999), gayundin ang Mary Jane Rodriguez, *Ang Dalumat ng Bayan sa Kamalayan at Kasaysayang Pilipino*, Bagong Kasaysayan, Lathalain Bilang 15 (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2006).

<sup>8</sup> May mga pormal na gradwadong pag-aaral si Salazar sa lingguwistika tulad ng *General Linguistics* at *French Language and Civilization* sa Sorbonne Universite de Paris, gayundin ng *Russian Language and Civilization* at *Malay-Indonesian Language and Civilization* sa Ecole Nationale des Langues Orientales Vivantes.

Ang pagtatanghal ni Tugano sa Araling Pangmanlalakbay kontra *Travel Studies* ay alinsunod sa isang kagawian sa Bagong Kasaysayan (BAKAS) na bumuo ng isang panibagong larangan o sublarangan sa pamamagitan ng pagtuligsa sa Kanluraning katapat nito. Mababanggit dito bilang halimbawa ang Araling Kabanwahan na pinangungunahan ni Atoy Navarro kontra *Area Studies*,<sup>9</sup> o ang Kasaysayang Pangmadla ni Michael Charleston “Xiao” Chua kontra *Public History*.<sup>10</sup> Ngunit hindi ito nangangahulugan ng pagiging reaktibo o deribatibo ng mga naturang proyekto. Bagkus, pagkilala lamang ito sa mga una nang umiiral na mga larangan ng Kanluran sa Pilipinas, na marapat hamunin ng akademyang Pilipino upang makabuo ng mga proyekto/larangan na mas makabuluhan sa lipunang Pilipino.

Sunod, ang nilikhang peryodisasyon ni Tugano sa kasaysayan ng paglalakbay sa Pilipinas ay nakabatay sa klasikong “Pamayanan-Bayan-Bansa” ni Salazar. Binigyang-diin niya rito ang pagkakaugat ng modernong Pilipinong paglalakbay sa sinaunang paglalakbay ng mga Austronesyano. Siyempre, lahat ng mga pamilyar sa mga sulatin ni Salazar ay malay na ang pagtuon sa paksang Austronesyano ay isa sa mga sentral na tema sa kapantasan ni Salazar. Ang ganitong tuon sa Austronesyano ay ideolohikal na sandata sa kolonyalismo, upang igiit na ang binubuong proyekto ay hindi bunga ng kolonyalismo, bagkus ay nakaugat sa matandang nakaraan ng Pilipinas. Tulad ng tono ni Salazar at iba pang akademiko ng Bagong Kasaysayan, mapapansin din ang madiin na pagtuligsa ni Tugano sa kolonyalismo bilang sanhi ng pagkawala ng Pilipinong pananaw sa paglalakbay.

Ang mismong dayagramo ni Tugano na naglalatag ng peryodisasyon ng paglalakbay sa Pilipinas ay nakaugat din sa matataguriang “dayagramikong hilig” ng mga akademiko ng Bagong Kasaysayan. Muli, lahat ng mga masugid na mambabasa ni Salazar ay napansin marahil ang tendensya niya na bumuo ng napakaraming masasalimuot na dayagramo, bagay na namana rin ng sumunod

---

<sup>9</sup> Atoy M. Navarro, “Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya,” *Saliksik E-Journal* 1, No. 2 (September 2012): 1-32.

<sup>10</sup> Michael Charleston B. Chua, “Public History sa Pilipinas: Tungo sa Kasaysayang Pangmadla,” *Historical Bulletin* 53 (2019): 1-41.

na henerasyon ng mga intelektuwal ng Bagong Kasaysayan. Isang halimbawa ng ganitong masalimuot na dayagramo ay ang tinataguriang “sintron ni Salazar,” isang mahabang dayagramong nakakabit sa dulong bahagi ng antolohiya na *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan*.<sup>11</sup>

Panghuli sa bahaging ito, ang tuon ni Tugano sa paglalakbay ng mga Pilipino sa wikang Filipino ay nakasandig din sa malinaw na paninindigang pangwika ng Pantayong Pananaw.

## Ilang Komento at Kuro-kuro sa Binubuong Araling Pangmanlalakbay

Sa bahaging ito ay nais ko namang ibaling ang ating atensyon sa ilang pangkalahatang komento sa binubuong Araling Pangmanlalakbay ni Tugano. Sa ilang impormal na kuwentuhan ay naibato ko na sa kanya ang payak na katanungang ito: bakit Araling Pangmanlalakbay ang itinawag niya rito sa halip na Araling Paglalakbay? Magkaiba ang dalawang ito. Ang una ay nakatuon sa manlalakbay, habang ang ikalawa ay nakatutok sa mismong gawain ng paglalakbay. Aksidente lamang ba ang pagpili sa “Araling Pangmanlalakbay” bilang pangalan, o paraan ito upang mas bigyang prayoridad ang mismong manlalakbay kaysa sa paglalakbay? Paraan ba ito upang mas idistansya o pag-ibahin ang Araling Pangmanlalakbay sa *Travel Studies*? Kailangang maitanong ito, sapagkat sa Kanluran, ang tawag nila sa larangan ay “*Travel Studies*” at hindi “*Travelers’ Studies*.”

Kung “lakbay” ang sentral na dalumat ng AP, bakit “Banwa at Layag” ang pamagat ng aklat sa halip na “Banwa at Lakbay”? Wala pang aktuwal na teoretisasyon si Tugano sa aklat ukol sa dalumat ng lakbay at layag, paksa na maaari niyang galugarin sa hinaharap. Ngunit mahalaga na magpasya kung ano sa lakbay o layag (o iba pang kaugnay na salita) ang bibigyan ng prayoridad. Halimbawa, sa Araling Kabanwahan, malinaw ang pagbibigay-katwiran kung bakit banwa ang salitang ginamit sa halip na bayan o ili, kung bakit hindi “araling kabayanan”

---

<sup>11</sup> Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez, at Vicente C. Villan, mga pat., *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan* (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1997).

o “araling kailihan” ang tawag sa larangan. Ito’y sapagkat sa hanay ng tatlo, banwa ang pinakamalaganap na salita sa mga rehiyong Austronesyano tulad ng Malayo, Melano, at Polynesyano.<sup>12</sup> Kaya kung kailangan ng pagpapangalan para sa isang larangan na nag-aaral sa mga kabihasan sa labas ng Pilipinas, mas makatwirang gamitin ang banwa kaysa sa bayan at ili. Tulad nito, kinakailangan ding magkaroon ng sapat na pangangatwiran para sa pagpapangalan sa Araling Pangmanlalakbay, dahil kung hindi ay magiging arbitraryo lamang ang paggamit ng “lakbay” sa “Araling Pangmanlalakbay.”

Sa aking palagay ay mas dapat pang laliman ang ginawang pagtalakay ukol sa tinutuligsa na *Travel Studies*. Sa talahanayan na nagpapakita ng distinksyon sa pagitan ng Araling Pangmanlalakbay at *Travel Studies*,<sup>13</sup> magkakaroon ng impresyon ang mambabasa na tila puro kabaliktaran lamang ng Araling Pangmanlalakbay ang mga katangian ng *Travel Studies*. Dapat na lagpas sa payak na baliktaran (o tinatawag na “*auto-orientalism*”<sup>14</sup>) ang pag-iiba sa pagitan ng Araling Pangmanlalakbay at *Travel Studies*. O sa ibang paliwanag, hindi maaaring ipagpalagay na awtomatikong mayroon ang *Travel Studies* ng mga bagay na wala ang Araling Pangmanlalakbay, o wala ang *Travel Studies* ng mga bagay na mayroon ang Araling Pangmanlalakbay. Dalawa ang dahilan kung bakit dapat iwasan ang ganitong bakas ng *auto-orientalism* sa Araling Pangmanlalakbay. Una, maaaring mawalan ng kaakuhan kapwa ang Kanluraning *Travel Studies* at ang Pilipinong Araling Pangmanlalakbay. May natatanging katangian ang dalawa bunga ng kani-kanilang natatanging kontekstong historikal, at dapat palitawin ang pagiging natatangi ng dalawang ito sa halip na makuntento sa payak na baliktaran o salungatan. Ikalawa, kung hindi ito iiwasan, may tendensya na ang pagtuligsa sa *Travel Studies* ay mahulog

---

<sup>12</sup> Zeus A. Salazar, *Ang Pilipinong “Banua”/“Banwa” sa Mundong Melano-Polynesiano* (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2006).

<sup>13</sup> Tugano, “Kapookan ng Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat sa Konteksto ng Banwa at Layag sa Wikang Filipino,” in *Banwa at Layag*, 41.

<sup>14</sup> Para sa higit na paliwanag sa “*auto-Orientalism*,” tingnan ang Syed Farid Alatas, *Alternative Discourses in Asian Social Science: Responses to Eurocentrism* (Mathura Road, New Delhi: SAGE Publications India Pvt Ltd, 2006), 110-111.



sa bitag ng “*strawman fallacy*.”<sup>15</sup> Ibig sabihin, baka ang tinutuligsa ay isang eksaherado o pinalabnaw na bersyon o karikatura lamang ng *Travel Studies*, sa halip na ang tuligsain ay ang tunay na estado ng *Travel Studies*. Samakatuwid, isang maaaring atupagin ni Tugano o iba pang magkakainteres sa Araling Pangmanlalakbay ang mas kritikal at substantibong pagsusuri sa masasalimuot na diskurso ng *Travel Studies* sa Kanluran.

Gayundin, maaari pang teoryahin ang lokasyon ng Araling Pangmanlalakbay sa pansilang pananaw ng Araling Kabanwahan. Sa loob ng talastasang pansila ng Araling Pangmanlalakbay, dapat pag-iba-ibahin ang mga sumusunod: 1. paglalakbay ng mga Pilipino sa ibang bansa, 2. paglalakbay ng mga banyaga sa Pilipinas, at 3. paglalakbay ng mga banyaga sa iba pang banyagang bansa. Sa paunang salita ni Atoy Navarro sa hindi pa naililimbag na aklat na *Babala ng Pantayong Pananaw sa Bansa*,<sup>16</sup> nagsagawa siya ng distinksyon sa pagitan ng tinatawag niyang “panlabas na pangkami” at “panloob na pangkami.” Tumutukoy ang panlabas na pangkami sa pakikipag-usap ng mga Pilipino sa mga banyaga gamit ang banyagang wika. Samantala, ang panloob na pangkami naman ay patungkol sa pakikipag-usap ng mga Pilipino sa iba pang Pilipino na may banyagang kamalayan sa wikang banyaga, kung saan ang Pilipinong may banyagang kamalayan ay tila ekstensyon lamang ng banyagang kalinangan. Gamit ang kategorisasyong ito mula kay Navarro, maaari kayang maglapat ng isang kahawig na kategorisasyon sa talastasang pansila ng Araling Pangmanlalakbay? Maaari kayang bansagang “panloob na pansila” ang paglalakbay ng mga Pilipino sa ibang bansa, at “panlabas na pansila” ang paglalakbay ng mga banyaga sa iba pang banyagang bansa pero nasa wikang Filipino? Pero saan dito ikakategorya ang paglalakbay ng mga banyaga sa Pilipinas? Maitatanong din, makabuluhan kayang gamitin ang loob at labas, gayong may kinalaman lahat sa labas ang

---

<sup>15</sup> Christopher W. Tindale, *Fallacies and Argument Appraisal: Critical Reasoning and Argumentation* (Cambridge: Cambridge University Press, 2007), 19-20.

<sup>16</sup> Zeus A. Salazar, Arvin Lloyd Pingul, Mark Joseph P. Santos, at Kevin Paul “Ose” Martija, mga pat., *Babala ng Pantayong Pananaw sa Bansa: Panganib Mula sa mga Nakikipagjetski* (Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc, papalabas).

Araling Pangmanlalakbay, paglalakbay man ng mga Pinoy sa ibang bansa, paglalakbay ng banyaga sa Pilipinas, o paglalakbay ng mga banyaga sa ibang banyagang bansa? Ngunit may dimensyong panloob din ang lahat ng ito kung lahat ay isasagawa sa wikang Filipino. Gayundin, panloob din ang dimensyon kung ang aatupagin ng Araling Pangmanlalakbay ay ang domestikong paglalakbay ng mga Pilipino sa loob mismo ng Pilipinas. Sa palagay ko, ilan lamang ito sa mga tanong na maaaring pagnilayan ni Tugano para sa higit na pagpapakinis ng kanyang tipolohiya o kategorisasyon ng paglalakbay sa diwa ng talastasang pansila.

### Mga Panukalang Paksa para sa Hinaharap ng Araling Pangmanlalakbay

Sa ikatlong bahagi namang ito, susubukan ko na magbanggit ng ilang panukalang paksa na maaaring atupagin sa pananaliksik upang mas mapalago pa sa hinaharap ang Araling Pangmanlalakbay bilang bagong sublarangan ng Araling Kabanwahan.

Kung tumuon ang aklat na *Banwa at Layag* sa kuwentong paglalakbay ng mga akademiko, sa hinaharap ay maaari namang maglimbag ng isang aklat na nagsasalaysay ukol sa paglalakbay ng Overseas Filipino Workers (OFW). Maaari itong isagawa gamit ang dalawang magkaibang pamamaraan. Ang dalawang ito ay ang pagpapakuwentong buhay at pakikipagkuwentuhan. Bagaman may pagkakahawig, magkaiba ang dalawang ito na nabanggit. Ang pagpapakuwentong buhay, na maiuugnay sa Sosyolohiyang Pilipino ni Clemen C. Aquino,<sup>17</sup> ay ginagamit kapag walang alam sa paksa ang mananaliksik, o kaya'y gusto niyang ang kalahok lamang ang magsalita ukol sa mga nalalaman nito. Sa pakikipagkuwentuhan naman (na isa

---

<sup>17</sup> Clemen C. Aquino, "Mga Kuwentong Buhay at Kuwentong Bayan sa Paghahabi ng Araling Panlipunan," in Thelma B. Kintanar, et al., mga pat., *Kuwentong Bayan: Noong Panahon ng Hapon; Everyday Life in a Time of War* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2006), 390-399.

nang establisadong metodo sa Sikolohiyang Pilipino<sup>18</sup>), kapwa may alam ang mananaliksik at kalahok sa paksang pinag-uusapan, at ang mga datos ay nahuhugot mula sa palitan nilang dalawa ng kaalaman. Kung gagamitin sa Araling Pangmanlalakbay ang pagpapakuwentong buhay ukol sa mga OFW, maaaring ang manggagawang Pilipino mismo ang magsulat ng kanyang kuwentong paglalakbay, o kung magiging mahirap ito para sa iba, maaari rin naman na ilimbag ang aktuwal na transkripsyon ng kanyang pasalitang pagkukuwento. Kung pakikipagkuwentuhan naman ang mapipiling gamiting pamamaraan sa Araling Pangmanlalakbay, mahahango ng mananaliksik ang datos mula sa OFW sa pamamagitan ng kanyang pakikipagkuwentuhan dito, ngunit ang salaysay ng kanyang paglalakbay ay isusulat mismo ng mananaliksik.

Ang ikalawang mungkahi na nais ko sanang ilatag ay mayroon namang kinalaman sa peryodisyong binuo ni Tugano ukol sa kasaysayan ng paglalakbay sa Pilipinas. Bagaman nailatag na niya ang pangkabuuang larawan ng pagsasakasaysayang ito, pahapyaw pa lamang ang naging pagtalakay niya sa bawat yugtong isinama. Kung tutuusin, maaaring paksain bilang magkakahiwalay na artikulo ang pagsiyasat sa bawat yugto tulad ng paglalakbay ng mga Austronesyano, paglalakbay sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, kolonyalismong Amerikano, at okupasyong Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, paglalakbay ng mga Pilipino na nagsulat sa wikang Ingles, at paglalakbay ng mga Pilipino na nagsulat sa wikang Filipino. Maaari rin na mas palawigin ang bawat isa sa mga ito sa tig-iisang artikulo na maaaring ilimbag sa iba't ibang dyornal o bilang kabanata sa mga aklat.

Maaari ring galugarin sa Araling Pangmanlalakbay ang paggamit sa mga likhang sining tulad ng pelikula, tula, maikling

---

<sup>18</sup> Michelle G.Ong, "Ang Kapakinabangan ng Postestrukturalismo sa Sikolohiyang Pilipino: Hamon at Halimbawa mula sa Pag-aaral ng mga Migranteng Pilipina sa Aotearoa," *Diwa E-Journal* 4 (2016): 1-19.

kuwento, nobela, at iba pa, bilang batis ng pag-unawa sa paglalakbay.<sup>19</sup> Kabilang dito ang pag-aaral sa mga pelikulang patungkol sa mga OFW, panulaan ng mga manunulat na nasa *diaspora*, nobelang isinulat ng mga manlalakbay, o mga nobelang patungkol sa paglalakbay, at iba pa. Magiging isang kapana-panabik na bagong hibla ng pananaliksik sa loob ng Araling Pangmanlalakbay ang ganitong uri ng paksa.

Bukod sa mga ito, maganda kung isa-isang magsasagawa ng eksposisyon sa kaisipan ng mga kontemporanyong Pilipinong nagpapakadalubhasa sa pag-aaral ng paglalakbay. Isang halimbawang mainam gawan ng ganitong eksposisyon ay si Cristina Pantoja Hidalgo, Professor Emeritus ng English at Comparative Literature sa University of the Philippines, at Direktor ng Center for Creative Writing and Literary Studies ng University of Santo Tomas.<sup>20</sup> Ang mga ganitong pag-aaral ay huhubog sa interseksyon sa pagitan ng mga sublarangan

---

<sup>19</sup> Sa usapin ng paggamit ng pelikula, mayroon nang maaaninagan na ganitong direksyon sa ilang pag-aaral ni Tugano tulad ng: Axle Christien J. Tugano, "Representasyon ng Kababaihang Manggagawang Pilipino sa Europa batay sa Pelikulang Pag-ibig na Milan (2004) at Barcelona (2016) ni Olivia Lamasan," *Bisig* 3, No. 1 (2021): 43-72; Axle Christien J. Tugano, "Pagsusuri sa 'Maskulinidad ng Pag-Ibig' batay sa Pelikulang Milan (2004) ni Olivia Lamasan," *DALUMAT: Multikultural at Multidisiplinaryong E-Journal sa Araling Filipino* 7, No. 1 (2021): 73-78; at Axle Christien J. Tugano, "Mga Pangako ng Puso, Mga Sakripisyo ng Kamay: Imahen ng Estados Unidos bilang Kanlungang Pilipino batay sa mga Piling Pelikula ni Olivia Lamasan," *Hasaan Journal* (papalabas).

<sup>20</sup> Para sa ilang halimbawang akda niya ukol sa paglalakbay, tingnan ang Cristina Pantoja Hidalgo, *I Remember... Travel Essays* (Quezon City: New Day Publishers, 1992); Cristina Pantoja Hidalgo, *Looking for the Philippines: Travel Essays* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2009); Cristina Pantoja Hidalgo, *Passages: Selected Travel Essays* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2008); at Cristina Pantoja Hidalgo, *Travels with Tania: Temples, Bookstores, Tandoori Platters, Roast Turkey, and the Big Hollywood Sign* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2009).

ng Araling Kabanwahan tulad ng Araling Pangmanlalakbay at Araling Kapantasan.<sup>21</sup>

Ang sunod na panukala ay mayroon namang kinalaman sa mahalagang isyu ng pagsasalin. Ang ilang isinulat ng mga Pilipinong intelektuwal ukol sa paglalakbay na nasa Ingles ay maaaring isalin sa wikang Filipino, upang “maampon” ng Araling Pangmanlalakbay ang mga pantas na ito. Gayundin, maaaring isalin ang ilang akda ng mga banyaga ukol sa paglalakbay, upang ang ilang makabuluhang kaisipan ng Kanluraning *Travel Studies* ay maipasok sa talastasan ng Araling Pangmanlalakbay. Alinsunod din ito mismo sa naging prinsipyo ni Tugano sa *Banwa at Layag*, kung saan isinama niyang mailimbag ang akda ng mga Pilipinong orihinal na nasa Ingles ngunit isinalin sa Filipino, tulad ng akda nina Maria Paz Viola, Nassef Adiong, Ricardo Jose, Eunice Barbara Novio, Charlie Samuya Veric, Elmer Cato, at Marilyn Ngales. Ibig sabihin, sa *Banwa at Layag* ay makikita na ang punla ng proyektong pagsasalin sa loob ng Araling Pangmanlalakbay. Kung gayon, dapat na lamang payabungin sa hinaharap ang ganitong proyekto sa pamamagitan ng pagsasalin ng mas mahahabang artikulo o mga buong libro pa nga. Siyempre ay nakasalig pa rin ang ganitong praktika ng

---

<sup>21</sup> Ang Araling Kapantasan ay isa ring mungkahing sublarangan ng Araling Kabanwahan na pinasimulan ko namang dalumatin. Una ko itong iminungkahi bilang “Eksposisyon ng Kaisipan ng mga Pantas” sa Mark Joseph Pascua Santos, “Sarili, Kaugnay, Iba: Isang Eksposisyon sa Kapantasan ni Atoy Navarro sa Araling Kabanwahan,” in *Hugpungan: Katutubong Kaalaman at Interdisiplinaridad sa Panahon ng Krisis*, eds., Jomar Adaya et al. (Sta. Mesa, Manila: PUP Center for Philippine Studies, 2022), 119-173. Kasabay ng Araling Pangmanlalakbay, pormal na tinanggap ni Atoy Navarro ang mungkahing sublarangan ng Araling Kapantasan sa kanyang lekturang Araling Kabanwahan: Katayuan at Tunguhin, lektura sa CSSD 11th Anniversary Lecture Series: “Converging Ideas in the Social Sciences: Solidarity in the Better Normal,” Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP), Sta. Mesa, Manila, Pebrero 17, 2023.

*Banwa at Layag* sa pagpapahalaga sa pagsasalin ng Pantayong Pananaw, o sa tinatawag sa Bagong Kasaysayan na konsepto ng “pag-aangkin.”<sup>22</sup>

Nakakikiliti sa isip ang paksa na nadaplisan ni Vincent Casil sa kanyang kabanata patungkol sa pamimilosopiya ukol sa paglalakbay.<sup>23</sup> Aniya, hindi napagtutuunan ng pilosopikal na pansin ang paksang ito dahil sa impresyon na napakaordinaryong gawain lamang ng paglalakbay. Samakatuwid, maaaring simulan ng Araling Pangmanlalakbay ang pamimilosopiya sa paglalakbay. Kung sakali mang nagawa na sa Kanluran ang ganitong pamimilosopiya, maaaring maging orihinal na ambag ng Araling Pangmanlalakbay ang paglalata ng isang Pilipinong pilosopiya ng paglalakbay na nakasandig sa lipunan at kulturang Pilipino. Siyempre, hindi ito magagawa ng kahit sino lamang, kinakailangang makipagkolaborasyon ang mga magsusulong ng Araling Pangmanlalakbay sa mga akademikong may pormal na kasanayan sa pilosopiya upang masigurado ang produksyon ng isang masinsinang pamimilosopiya sa paglalakbay.

Isa pang posibilidad na binuksan ng kabanata ni Vincent Casil ay ang paglalakbay sa loob ng Pilipinas, yamang ang naging tuon

---

<sup>22</sup> Sa konteksto ng Bagong Kasaysayan, ipinag-iiba ang “pag-aangkin” at “panghihiram.” Pareho itong kumukuha ng impluwensya galing sa mga banyaga. Ngunit mayroon silang malinaw na pagkakaiba. Sa panghihiram, ang Pilipinas ay pasibong tagatanggap lamang ng mga banyagang elemento. Taliwas dito, sa pag-aangkin, ang Pilipinas ay aktibong nagsasagawa ng modipikasyon sa anumang hinihiram nito, kung saan ang batayan ng paghihiram ay alinsunod sa tunay na pangangailangan ng sarili, at hindi lamang batay sa idinidikta ng labas. Malaking isyu rin ang pagsasalin sa pagkakaiba ng dalawa. Sa panghihiram, kinukuha ang mga banyagang impluwensya habang pinapanatili ito sa wika ng pinagmulang kalinangan (halimbawa, Ingles). Sa pag-aangkin, ang banyagang elemento ay isinasalin tungo sa sariling wika, upang maging bahagi ng kabuuang kaalaman ng bayan. Sa akda ni Zeus Salazar na *Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu* (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1998), ginamit niyang halimbawa ang Japan, na bagaman maraming tinanggap na impluwensya mula sa Tsina at Estados Unidos ay nananatili pa ring orihinal at sarili ang kultura. Ani Salazar, ito ay sapagkat ang Japan ay hindi nanghihiram, bagkus ay nang-aangkin ito sa pamamagitan ng pagsasalin ng mga banyagang elemento sa Nihongo.

<sup>23</sup> Vincent Casil, “Mula Maynila Patungong Bangsamoro: Pakikibaka sa Pangdayo na Pamimilosopiya,” nasa *Banwa at Layag*, 110-117.

niya sa kanyang pag-aaral ay Bangsamoro. Ang kabuuan ng *Banwa at Layag* ay nakatutok sa paglalakbay sa ibang bansa, at ganito rin naman ang naging tuon ng ibang artikulo sa mga dyornal ni Tugano patungkol sa Araling Pangmanlalakbay. Binubuksan ni Casil ang isang bagong posibilidad sa Araling Pangmanlalakbay kung saan maaaring siyasatin naman ang domestikong paglalakbay ng mga Pilipino sa loob mismo ng bansa. Ngunit kung pagtutuunan din ng pansin ng Araling Pangmanlalakbay ang paksang ito, hindi na ito saklaw ng Araling Kabanwahan. Samakatuwid, nag-iimbita ito kay Tugano na maglaan ng pagmumuni-muni ukol sa posibleng paksang ito, at ang teoretisasyon sa kaugnayan ng 1. hibla ng Araling Pangmanlalakbay na nakatutok sa ibang bansa, at 2. hibla ng Araling Pangmanlalakbay na nakatutok sa loob ng bansa.

Yamang saklaw ng Araling Kabanwahan ang komparatibong pag-aaral sa mga banwa, maaari ring atupagin ng Araling Pangmanlalakbay ang pagkukumpara sa pagitan ng karanasan ng mga Pilipinong manlalakbay at karanasan ng mga banyagang manlalakbay.

Kung naglimbag ang *Banwa at Layag* ng salaysay ng mga akademiko ukol sa sarili nilang paglalakbay, maaari ring maging proyekto ng Araling Pangmanlalakbay ang pagsasalaysay ng isang akademiko ukol sa paglalakbay ng ibang akademiko, na maaaring hindi nagkaroon ng panahon o interes sa pagsasalaysay ng sarili nilang paglalakbay. Halimbawa na lamang, wala pang naitatalang komprehensibong tala ukol sa karanasan sa paglalakbay ng mismong Ama ng Pantayong Pananaw na si Zeus Salazar, na hindi nagkaroon ng interes na magsalaysay ukol sa mga personal niyang karanasan sa paglalakbay (bagaman sa mga impormal na kuwentuhan ay nakapagbabato siya ng mga anekdota ukol sa paglalakbay sa Europa bilang gradwadong mag-aaral). Mahalaga ang pagsasagawa ng ganitong proyekto, lalo pa kung konektado ang paglalakbay ng pantas sa kanyang gradwadong pag-aaral, pagtuturo, o pananaliksik, dahil makatutulong ito upang mas maunawaan ang mga karanasang maaaring nakaapekto sa pagkahubog ng kaisipan ng pantas.

Mainam din na pagtuunan ng pansin sa Araling Pangmanlalakbay ang mga paksang may kinalaman sa tema ng katarungan. Mayroong

panganib na makulong lamang ang Araling Pangmanlalakbay sa pagsusuring pangkalinangan, at makaligtaan na mahalaga rin ang pagsusuring panlipunan. Upang maiwasan ito, marapat na pasukan ng pulitiko-ekonomikong preokupasyon ang Araling Pangmanlalakbay. Nariyan ang usapin ng kapookan ng Pilipinong paglalakbay sa konteksto ng paghahati sa pagitan ng Pandaigdigang Hilaga (*Global North*) at Pandaigdigang Timog (*Global South*), kung saan limitado ang oportunidad ng paglalakbay para sa mga nasa ikalawang nabanggit na kategorya. Nariyan din ang usapin ng paglalakbay bilang pribilehiyo lamang ng mga nasa mataas at gitnang bahagdan ng lipunan. Sa isyu ng turismo (na sinasaklaw pa rin ng malawak na paksa ng paglalakbay), nariyan ang talakayan ukol sa pagsasagilid sa mga mismong lokal/tagaroon na hindi maabot-kamay ang turismo sa sarili nilang lugar, o kaya ay ang isyu ng 'di patas na distribusyon ng yaman sa turismo kung saan mayorya ng kita ay napupunta lamang sa mga kapitalista at pamahalaan, at hindi sa mismong mga mamamayan ng pook-destinasyon. Dagdag pang paksa ang paglabag sa likas-kayang pag-unlad (*sustainable development*) kung saan nasisira ang kalikasan ng mga pook-destinasyon. Marami pang magkakasalabid na isyung nakapaloob sa usaping ito, pero ang punto lamang ng mga inihalimbawa ay upang ipakita na ang paglalakbay ay malinaw na isa ring pulitiko-ekonomikong paksa, at hindi lamang pangkalinangang preokupasyon. Sa puntong ito marahil maaaring maging makabuluhan ang paggigiit na ang ginhawa ay hindi lamang isang konseptong pangkalinangan. Sa halip, isa rin itong konseptong panlipunan na maaaring ilapat sa usapin ng katarungang panlipunan.<sup>24</sup> Sa konteksto ng Araling Pangmanlalakbay, maaari itong kasangkapin bilang kritika sa 'di patas na distribusyon ng kapangyarihan sa paglalakbay. Kung tutuusin, baka ang tuon pa nga sa katarungan at distribusyon ng yaman ang maging isang espesyal na pagkakaiba ng Araling Pangmanlalakbay sa tinutuligsang *Travel Studies*. Samakatuwid, maaari itong makatulong sa hinahangad na pagbuo ng nagsasariling identidad ng Araling Pangmanlalakbay.

---

<sup>24</sup> Mark Joseph Pascua Santos, "Ginhawa, Hanapbuhay, Himagsikan: Tungo sa Isang Pilipinong Pagdadalumat ng Katarungang Panlipunan/Katuwirang Bayan," *TALA: An Online Journal of History* 3, No. 1 (June 2020), 58-79.



Panghuli, sa malayong hinaharap ay maaaring maglimbag ng serye ng mga aklat o monograp na nakatutok sa paglalakbay ng mga Pilipino sa mga partikular na bansa. Halimbawa, isang buong aklat na nakatutok lamang sa paglalakbay ng mga Pilipino sa Mexico. O paglalakbay ng mga Pilipino sa Indonesia. Ang ganitong uri ng mga publikasyon ay higit na makapagpapatingkad sa ugnayang kabanwahan ng Pilipinas sa mga indibiduwal na bansa. May maaaninagan nang ganitong direksyon sa serye ng mga publikasyon ng Limbagang Pangkasaysayan patungkol sa Lakbay-Kabanwahan, kung saan naging paksa na ang paglalakbay sa Timog Silangang Asya,<sup>25</sup> at Australia at Pasipiko.<sup>26</sup> Ngunit rehiyon ang tuon ng serye na ito, at maaaring maiambag ng Araling Pangmanlalakbay ang pagtutok sa mas espesipikong mga bansa.

Kung tutuusin ay iilan lamang ang mga suhestiyong ito, at napakayaman pa ng posibilidad para sa hinaharap ng Araling Pangmanlalakbay. Ngunit marahil ay sapat na ang mga suhestiyong ito para panatilihing abala ang mga magtatangkang lumahok sa Araling Pangmanlalakbay para sa unang mga taon ng pag-iral nito.

## REFERENCES

Alatas, Syed Farid. *Alternative Discourses in Asian Social Science: Responses to Eurocentrism*. Mathura Road, New Delhi: SAGE Publications India Pvt Ltd, 2006.

Aquino, Clemen C. "Mga Kuwentong Buhay at Kuwentong Bayan sa Paghahabi ng Araling Panlipunan." In *Kuwentong Bayan: Noong Panahon ng Hapon; Everyday Life in a Time of War*, edited by Thelma B. Kintanar, Clemen C. Aquino, Patricia B. Arinto, Ma. Luisa T. Camagay, 390-399. Quezon City: University of the Philippines Press, 2006.

---

<sup>25</sup> Adonis Elumbre at Atoy Navarro, eds., *Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangangibang-Bayan ng mga Likasyan, Tomo 1: Lakbay-Kabanwahan sa Timog Silangang Asya* (Pilipinas: Limbagang Pangkasaysayan, 2019).

<sup>26</sup> Jely Galang, ed., *Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangangibang-Bayan ng mga Likasyan, Tomo 2: Lakbay-Kabanwahan sa Australia at Pasipiko* (Pilipinas: Limbagang Pangkasaysayan, 2023).

- Casil, Vincent L. "Mula Maynila Patungong Bangsamoro: Pakikibaka sa Pangdayo na Pamimilosopiya." In *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat*, edited by, Axle Christien J. Tugano, 110-117. Ermita, Manila: Limbagang Pangkasaysayan, 2023.
- Chua, Michael Charleston "Xiao" B. "Public History sa Pilipinas: Tungo sa Kasaysayang Pangmadla." *Historical Bulletin* Vol. 53 (2019): 1-41.
- Elumbre, Adonis L., Atoy M. Navarro, eds. *Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-Bayan ng mga Likasyan, Tomo 1: Lakbay-Kabanwahan sa Timog Silangang Asya*. Pilipinas: Limbagang Pangkasaysayan, 2019.
- Galang, Jely A, ed. *Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-Bayan ng mga Likasyan, Tomo 2: Lakbay-Kabanwahan sa Australia at Pasipiko*. Pilipinas: Limbagang Pangkasaysayan, 2023.
- Hidalgo, Cristina Pantoja. *I Remember... Travel Essays*. Quezon City: New Day Publishers, 1992.
- Hidalgo, Cristina Pantoja. *Passages: Selected Travel Essays*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2008.
- Hidalgo, Cristina Pantoja. *Looking for the Philippines: Travel Essays*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2009.
- Hidalgo, Cristina Pantoja. *Travels with Tania: Temples, Bookstores, Tandoori Platters, Roast Turkey, and the Big Hollywood Sign*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2009.
- Kimuell-Gabriel, Nancy. *Ang Timawa sa Kasaysayang Pilipino*. Bagong Kasaysayan, Lathalain Bilang 3. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1999.
- Navarro, Atoy M. "Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya." *Saliksik E-Journal* 1, No. 2 (September 2012): 1-32.

- Navarro, Atoy M. Araling Kabanwahan: Katayuan at Tunguhin. Lektura sa CSSD 11th Anniversary Lecture Series: "Converging Ideas in the Social Sciences: Solidarity in the Better Normal." Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP), Sta. Mesa, Manila, Pebrero 17, 2023.
- Navarro, Atoy M., Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan, mga pat. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1997.
- Ong, Michelle G. "Ang Kapakinabangan ng Postestrukturalismo sa Sikolohiyang Pilipino: Hamon at Halimbawa mula sa Pag-aaral ng mga Migranteng Pilipina sa Aotearoa." *Diwa E-Journal* 4 (2016): 1-19.
- Rodriguez, Mary Jane B. *Ang Dalumat ng Bayan sa Kamalayan at Kasaysayang Pilipino*. Bagong Kasaysayan, Lathalain Bilang 15. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2006.
- Salazar, Zeus A. *Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1998.
- Salazar, Zeus A. *Ang Pilipinong "Banua"/"Banwa" sa Mundong Melano-Polynesiano*. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2006.
- Salazar, Zeus A., Arvin Lloyd Pingul, Mark Joseph P. Santos, Kevin Paul "Ose" Martija, mga pat. *Babala ng Pantayong Pananaw sa Bansa: Panganib Mula sa mga Nakikipagjetski*. Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc, papalabas.
- Santos, Mark Joseph Pascua. "Ginhawa, Hanapbuhay, Himagsikan: Tungo sa Isang Pilipinong Pagdadalumat ng Katarungang Panlipunan/ Katuwirang Bayan." *TALA: An Online Journal of History* 3, No. 1 (June 2020), 58-79.
- Santos, Mark Joseph Pascua. "Sarili, Kaugnay, Iba: Isang Eksposisyon sa Kapantasan ni Atoy Navarro sa Araling Kabanwahan." In *Hugpungan: Katutubong Kaalaman at Interdisiplinaridad sa Panahon ng Krisis*, edited by Jomar Adaya, et al., 119-173. Sta. Mesa, Manila: PUP Center for Philippine Studies, 2022.

- Tindale, Christopher W. *Fallacies and Argument Appraisal: Critical Reasoning and Argumentation*. Cambridge: Cambridge University Press, 2007.
- Tugano, Axle Christien J. "Paglapat ng Istorya sa Dalumat ng Ugnayang Pilipinas at mga Asyanong Bansa." *TALA: An Online Journal of History* 1, No. 2 (2018): 57-75.
- Tugano, Axle Christien J. "Ugnayang Australia at Pilipinas: Mga Natatanging Gunita ng Diaspora at Rebolusyong Pilipino." *TALA: An Online Journal of History* 3, No. 2 (2020): 119-135.
- Tugano, Axle Christien J. "Pagsusuri sa 'Maskulinidad ng Pag-Ibig' batay sa Pelikulang Milan (2004) ni Olivia Lamasan." *DALUMAT: Multikultural at Multidisiplinaryong E-Journal sa Araling Filipino* 7, No. 1 (2021): 73-78.
- Tugano, Axle Christien J. "Representasyon ng Kababaihang Manggagawang Pilipino sa Europa batay sa Pelikulang Pag-ibig na Milan (2004) at Barcelona (2016) ni Olivia Lamasan." *Bisig* 3, No. 1 (2021): 43-72.
- Tugano, Axle Christien J. "Mga Gunita sa Aking Paglalakbay (2014-2018): Naratibo ng Overseas Filipino Workers sa Timog Silangang Asya at Europa." *DALUMAT: Multikultural at Multidisiplinaryong E-Journal sa Araling Filipino* 7, No. 2 (2021): 1-25.
- Tugano, Axle Christien J. "Ang Manila Boy sa Lansangan ng Asya: Naratibong Ulat Tungkol sa Pamublikong Transportasyon sa Timog Silangang Asya." *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature* 15, No. 1 (2021): 120-161.
- Tugano, Axle Christien J. "Pangingibang-bayan bilang Pag-aaral sa Ibang Kalinangan: Ang Lakbay-aral na Akademiko sa Timog Silangang Asya." Nasa *Pangangayaw: Ang Pangingibang-Bayan at Paghahanap ng Ginhawa sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, mga pat., Vicente C. Villan at Kristoffer Resos Esquejo, 353-388. Tayabas: ADHIKA ng Pilipinas, Inc., at Manila: National Commission for Culture and the Arts, 2021.

- Tugano, Axle Christien J. “Ang Identidad ng Relihiyon, ang Relihiyon ng Identidad: Isang Anekdotal na Tala Bilang Manlalakbay sa Timog-Silangang Asya.” *Katipunan* 9 (2022): 97-142.
- Tugano, Axle Christien J. “Paglilinang sa Araling Pangmanlalakbay sa Diwa ng Araling Kabanwahan.” In *Hugpungan: Katutubong Kaalaman at Interdisiplinaridad sa Panahon ng Krisis*, edited by Jomar Adaya, Joseph Reylan Viray, Alondra Gayle Sulit, at John Christian Agudera, 174-257. Sta. Mesa, Manila: PUP Center for Philippine Studies, 2022.
- Tugano, Axle Christien J., ed. *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat*. Ermita, Manila: Limbagang Pangkasaysayan, 2023.
- Tugano, Axle Christien J. “Kapookan ng Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat sa Konteksto ng Banwa at Layag sa Wikang Filipino.” In *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat*, edited by Axle Christien J. Tugano, 1-81. Ermita, Manila: Limbagang Pangkasaysayan, 2023.
- Tugano, Axle Christien J. “Mga Pangako ng Puso, Mga Sakripisyo ng Kamay: Imahen ng Estados Unidos bilang Kanlungang Pilipino batay sa mga Piling Pelikula ni Olivia Lamasan.” *Hasaan Journal* (papalabas).

## HINGGIL SA MAY AKDA

Nagtapos si **Mark Joseph Pascua Santos** ng BA History at Postbaccalaureate in Teacher Education sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, at Master of Divinity sa Manila Theological College. Nakapaglathala siya ng mga artikulo at panunuring-aklat sa mga akademikong dyornal tulad ng Saliksik E-Journal, Dalumat E-Journal, TALA, Talastasan, Social Sciences and Development Review, Mabini Review, PWU Research Journal, Bidlisiw, Bugkos, at Historical Bulletin. Kasalukuyan siyang Lecturer 8 sa Departamento ng Filipino ng De La Salle University, Project Assistant sa DLSU Research and Grants Management Office, at Associate Professor I sa School of Arts and Sciences ng Philippine Women’s University.